# Ating Kultura, Ating Karangalan

Walang dahilan para sa pang-aabuso.

Ang buklet na ito ay tungkol sa karahasan sa pamilya at pang-aabuso.

Te Puna Aonui
Joint Venture for the Elimination of Family Violence and Sexual Violence

MINISTRY OF SOCIAL DEVELOPMENT
TE MANATŪ WHAKAHIATO ORA

SHAKTI

Ang karahasan sa pamilya at pang-aabuso ay hindi katanggap-tanggap, maging sino ka man o saan ka nanggaling.





**Ang buklet na ito ay tutulong sa iyo kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa iyong sarili, sa iyong pamilya, sa isang taong kilala mo, o sa inyong komunidad.**

Mahalagang alagaan natin ang mga identidad ng ating sariling kultura at panatilihin ang ating mga pangkulturang gawi sa Aotearoa New Zealand. Gayunpaman, hindi tamang gamitin ang kulturang ating ipinagmamalaki bilang dahilan o katwiran para sa karahasan at pang-aabuso sa ating mga pamilya at komunidad.

Inilalarawan ng buklet ang karahasan sa pamilya at pang-aabuso. Nagbibigay ito ng mga ideya tungkol sa mga bagay na magagawa nating lahat upang ihinto ang pang-aabuso sa ating mga komunidad.



**Ang karahasan sa pamilya at pang-aabuso ay maaaring makaapekto kaninuman. Nangyayari ito sa bawat komunidad, kabilang ang sa inyo.**

# Ano ang karahasan sa pamilya?

**Ang karahasan sa pamilya ay kapag may isang tao na nananakit sa tao na malapit sa kanya, tulad ng partner o kapamilya.**

Ang karahasan sa pamilya ay isang anyo ng karahasang batay sa kasarian kung saan ang mga kababaihan ay tatlong beses na mas malamang dumanas nito. Ang mga tao, anuman ang kasarian at pinagmulan, ay maaaring dumanas ng karahasan sa pamilya. Bawat isa ay karapat-dapat sa suportang may dignidad na magpapatunay sa kanyang mga karanasan.



| Ang karahasan sa pamilya sa mga etnikong komunidad ay maaaring kabilangan ng: | |
|---|---|
| Karahasan at pang-aabuso ng matalik na partner | Pang-aabusong kaugnay sa dowry (kaloob sa pag-aasawa ng isang babae) |
| Pang-aabuso at pagpapabaya sa bata | Tinatawag na karahasang 'batay sa karangalan' (honour-based) |
| Pang-aabuso at pagpapabaya sa matatanda | Female genital mutilation (pagsira sa ari ng babae)/cutting (pagputol) |
| Karahasan sa pakikipag-date | Pang-aabuso sa mga taong bakla/transgender |
| Pagsubaybay nang palihim (Stalking) | Panliligalig |
| Sapilitang pagpapakasal | Pang-aabusong kaugnay sa imigrasyon |
| Menor-de-edad na pagpapakasal | Karahasan makaraan ang alitan |
| Karahasan sa ibang mga relasyon sa pamilya, kabilang ang karahasan ng bata/kabataan sa magulang/lolo at lola, at pang-aabuso sa biyenan | Pag-iwan at pang-aabuso sa asawang taga-ibang bansa |

- Tinatakot siya ng mga tinging galit
- Kalamigan sa pakikitungo at hindi pagtugon
- Pagsira o pagkuha ng mga bagay na pinahahalagahan ng babae
- Tinatakot na sasaktan siya nang pisikal, sekswal, o sikolohikal
- Mapang-abuso sa kanyang pamilya at mga kaibigan

- Sinasabing hindi nangyari ang pang-aabuso o walang malubhang nangyari
- Sinisisi ang babae kung bakit siya nagalit at naging marahas sa kanya
- Sinisisi ang sistemang ‘Western’ para sa kanyang kakayahang humingi ng tulong at/o gumawa ng desisyong iwan siya
- Tinatawag siyang baliw at hindi makatwiran
- Sinasabi sa iba na siya ay nalulumbay o nag-iisip magpakamatay

- Nagbabantang kukunin ang mga bata sa kanya kung aalis siya
- Pinipilit ang mga bata sa inareglong kasunduan sa pagpapakasal (arranged engagement) o inareglong pagpapakasal (arranged marriage) bilang kapalit ng pera, visa, ari-arian
- Pinipilit ang mga batang wala pa sa hustong gulang na magpakasal sa ibang tao sa ibang bansa
- Mas pinahahalagahan ang mga anak na lalaki kaysa sa mga anak na babae
- Ginagamit ang access sa mga bata upang magpadala ng liham sa kanya
- Inilalayo ang mga bata sa kanya
- Inaayos ang mga utang ng pamilya sa pamamagitan ng pagbibigay ng anak sa kasal




- Tinatrato siyang tila alila at ipinagagawa sa kanya ang lahat ng mga gawaing-bahay
- Hindi pagbibigay sa kanya ng pagkain at mga damit na gusto niya
- Ginagamit ang kultura at tradisyon upang abusuhin at kontrolin siya
- Itinatatag ang kanyang mga karapatan bilang lalaki at samakatwid ang kanyang mga karapatan sa babae
- Sinasabing alam niya ang pinakamagaling para sa babae at sa pamilya at isinasagawa ang mga ito nang hindi tinatalakay sa kanya
- Gumagawa ng lahat ng mga desisyon sa bahay at pinagkakaitan siya ng kanyang mga karapatan at pagiging independiyente

- Ipinadadamang siya ay walang halaga at walang-silbi
- Minumura siya, at hinihiya ang kanyang katawan
- Inaakusahan siya ng panloloko
- Ginagawa siyang may kasalanan kung bakit mapang-abuso ang lalaki
- Sinasabi sa kanya na kumikilos siyang tulad ng isang ‘Western’ na babae
- Tinatrato siyang tulad ng isang alipin o alila
- Sinasabi sa kanya na siya ay ‘sira ang ulo’ at walang may gusto sa kanya
- Pag-atakeng pisikal/sekswal
- Pinipilit siyang magpalaglag
- Pang-aabuso sa biyenan
- Tangkang pagsakal
- Paggahasa sa asawa

- Kinokontrol ang kanyang ginagawa, kung kanino siya makikipagkita at makikipag-usap
- Hindi siya pinapahintulutang magpahayag ng kanyang pagiging indibidwal, mga opinyon, at paniniwala
- Hindi siya pinapahintulutang makipag-usap sa pamilya o sinusubaybayan ang mga tawag at mga pakikipagkita
- Binabasa ang kanyang mga mensahe, email o hinahadlangan ang ganitong mga komunikasyon
- Nag-iinstala ng mga kamera sa loob at labas ng bahay para masubaybayan ang kanyang mga galaw
- Hindi siya pinapahintulutang magkaroon ng mga kaibigan
- Hindi siya pinapayagang magmaneho o mag-aral magmaneho para hindi siya makapunta saanman nang hindi siya kasama

- Binabantaang iuurong ang pag-isponsor ng visa
- Binabantaang ipapa-deport siya
- Pinagagawa siya ng mga bagay na labag sa batas kabilang ang pornography
- Binabantaang iiwan o sasaktan siya
- Binabantaang saktan ang kanyang pamilya
- Binabantaang papatayin siya dahil sa pagsira sa ‘karangalan ng pamilya’

- Paghingi ng dowry kapalit ng pagpapakasal o pag-isponsor ng visa
- Hindi siya pinapayagang magtrabaho o mag-angkin ng kanyang sahod sa trabaho
- Hindi siya binibigyan ng access sa bank account ng pamilya
- Pinipilit siyang magtrabaho para sa pera at ibigay ito sa kanya
- Hindi siya pinapayagang gumasta ng pera nang walang pahintulot niya
- Itinatanong ang bawat detalye kung paano ginasta ang pera

# Mabuti, di-mabuti at mapang-abusong mga pag-aasal sa isang relasyon

<table>
<tr><th></th><th>Mga mabuting pag-aasal</th><th>Mga di-mabuting pag-aasal</th><th>Mga mapang-abusong pag-aasal</th></tr>
<tr><td>Sikolohikal</td><td>Hayagang komunikasyon, pakikipag-ayos at pagiging patas, tiwala at suporta, katapatan at pananagutan, paggalang sa kasarian at sekswal na identidad at kagalingan, at iba pa</td><td>Hindi itinuturing na mahalaga ang opinyon ng karelasyon, hindi nakikinig o hindi handang makipag-usap tungkol sa mga problema nang walang awayan, at iba pa</td><td>Mga banta, pangangatyaw, pagseselos, paghamak, pagbasag ng mga bagay, pagsubaybay nang palihim, pagkontrol sa ginagawa, sinasabi, tinitingnan at isinusuot ng isang tao, pag-insulto/di-paggalang sa oryentasyong sekswal o identidad ng kasarian, pagbabantang 'ibibisto' sila, sapilitang conversion therapy (pamamaraan para baguhin ang kasarian), at iba pa</td></tr>
<tr><td>Pisikal</td><td rowspan="2">Hindi mapagbantang pag-aasal, nakadarama na ligtas upang magpahayag ng sarili, hinihingi ang opinyon at ang pagsang-ayon ng karelasyon o ibang tao, at iba pa</td><td rowspan="2">Hindi isinasaalang-alang ang karelasyon, hindi hinihingi ang opinyon o pagsang-ayon ng karelasyon, gumagamit ng paramdam na ang kabilang tao ang may kasalanan para mapuwersa ang kabilang tao na gawin ang mga bagay na hindi niya gustong gawin, at iba pa</td><td>Pagsuntok, pagsipa, pagkagat, pagtulak, pagsakal, paggamit ng armas, pagsaboy ng asido, pagpigil sa isang tao, at iba pa</td></tr>
<tr><td>Sekswal</td><td>Paggahasa o anumang pinuwersang sekswal na aktibidad, paggahasa sa asawa, di-ginugustong paghipo, anumang sekswal na aktibidad sa isang taong wala pang 16 na taong gulang, at iba pa</td></tr>
</table>

| | Mga mabuting pag-aasal | Mga di-mabuting pag-aasal | Mga mapang-abusong pag-aasal |
|---|---|---|---|
| **Ekonomiya** | Pagsasamahang pang-ekonomiya, magkasamang gumagawa ng mga desisyon na kaugnay sa pera, kapwa nakikinabang sa mga kaayusang pinasyal, at iba pa | Hindi tinatalakay ang pananalapi o inaakalang isang tao lamang ang namamahala sa pera, at iba pa | Kinukuha ang pera ng isang tao, lumalaki ang utang sa kanyang pangalan, sinusuri ang lahat ng mga resibo, pinupuwersa ang isang tao na lumagda sa mga opisyal na dokumento, nagbabantang iuurong ang pagsuporta sa visa, at iba pa |
| **Espiritwal** | Kayang magpahayag ng relihiyon nang malaya, nadaramang komportable at may kumpiyansa sa mga identidad na pangkultura, pang-espiritwal, at panrelihiyon, at iba pa | Walang paggalang sa kultura at espiritwal, minamaliit ang mga espiritwal na paniniwala o gawi, mapanghusga o gumagamit ng mga stereotype (pinasimpleng ideya tungkol sa isang tao, grupo o bagay) o mga banal na kasulatan upang mapuwersa ang kabilang tao na gawin ang mga bagay na hindi niya gustong gawin, at iba pa | Pagpigil sa isang tao na magpahayag ng kanyang mga paniniwalang espiritwal o panrelihiyon, pinupuwersa ang isang tao na pumunta sa simbahan, templo/mosque, at iba pa |
| **Pagpapabaya** | Hinaharap ang mga pangangailangang pangkalusugan at pangkagalingan, pinangangalagaan, at tinutugunan, pinagsasaluhan ang pananagutan, pagiging responsableng pagmamagulang, at iba pa | Nadaramang karapat-dapat tratuhin sa partikular na paraan, pagkakaroon ng mga inaasahan sa partner na hindi niya magagawa, hindi isinasaalang-alang ang mga pangangailangang pangkalusugan at pangkagalingan ng kabilang tao, hindi sinusuportahan ang pamilya, mga anak, mga matatanda sa bahay at sa paligid ng bahay, at iba pa | Hindi nagbibigay ng pagkain, gamot, pampainit, o pananamit, lalo na para sa mga matatanda o may kapansanang mga tao, iniiwang nag-iisa sa bahay ang mga anak, hindi kumukuha ng medikal na atensyon o mga serbisyong panlipunan, at iba pa |

# Ang karahasan sa pamilya ay isang krimen sa Aotearoa New Zealand.

**Kinikilala ng Family Violence Act 2018 (Batas ng Karahasan sa Pamilya 2018) na ang karahasan sa pamilya ay hindi palaging pisikal at ito ay kinabibilangan ng mapamuwersa at mapangontrol na mga pag-aasal. Kabilang din dito ang mga pattern ng mapang-abusong pag-aasal na dinaranas ng isang tao sa loob ng mahabang panahon pati na rin ang mga hiwalay na insidente ng pang-aabuso.**

Kabilang sa iba pang mga anyo ng pang-aabuso at karahasan na kinikilala ng batas sa Aotearoa New Zealand ang:

### Pang-aabuso sa bata

- Itinuturing na pang-aabusong sikolohikal ang hayaang makita o marinig ng isang bata ang karahasan sa pamilya dahil ito ay maaaring magkaroon ng nakasasamang epekto sa kanyang pag-unlad at kagalingan. Hindi kasalanan ng magulang na dumaranas ng karahasan kung ito ay masasaksihan ng bata.
- Ang pagpalo o paghampas sa mga bata ay labag sa batas, dahil ito ay pang-aabusong pandamdamin, pagpapabaya, at anumang sekswal na contact sa isang bata na wala pang 16 na taong gulang.

### Menor-de-edad at sapilitang pagpapakasal

- Labag sa batas ang magpakasal kung ikaw ay wala pang 16 na taong gulang. Labag din sa batas ang pagpuwersa sa isang tao na magpakasal, kabilang ang kasal sa relihiyon o kultura.
- Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang seremonya ng kasal o pagkasal sa huwes ay hindi maaaring gawin sa online. Nangangahulugan ito na ang anumang mga kasal na isinagawa sa online o sa telepono ay hindi ligal na kikilalanin sa Aotearoa New Zealand.

**Ang mga bata ay biktima rin ng karahasan sa pamilya at pang-aabuso, naka-direkta man sa kanila ang karahasan o hindi.**




## Pang-aabusong kaugnay sa dowry (kaloob sa pag-aasawa ng isang babae)

- Labag sa batas at hindi katanggap-tanggap sa Aotearoa New Zealand ang karahasang kaugnay sa dowry sa ilalim ng Family Violence Act 2018.

## Female genital mutilation (pagsira sa ari ng babae)/cutting (pagputol)

- Isang krimen ang pagsasagawa ng female genital mutilation sa Aotearoa New Zealand o ang anumang pagsasaayos para sa isang batang babae na lumabas ng bansa para maisagawa ang female genital mutilation.

## Conversion therapy (pamamaraan para baguhin ang kasarian)

Labag sa batas ang pagsasagawa ng conversion therapy:

- sa sinumang wala pang 18 taong gulang, o may kakulangan ng kakayahang magdesisyon.
- sa sinuman, anuman ang kanyang edad, kung ito ay magdudulot ng malubhang pinsala sa kanya.

Pinoprotektahan ng batas ang mga taong nasa mga relasyon sa bawat kultura at komunidad, kabilang ang mga mag-asawa, mga kasal sa huwes, mga mag-asawang gay at lesbian, dating partner, mga nobyo at nobya, mga bata at kabataan, mga ka-flatmate at iba pang mga taong nagsasalo ng tirahan.

Tinatrato nang seryoso ng pulisya at iba pang mga ahensya ang karahasan sa pamilya. Mayroon silang mga tauhan na makakatulong, anuman ang iyong pinagmulang kultura o wika. Maaari silang kumuha ng mga interpreter na nagsasalita ng inyong wika. Hindi mo kailangang iwan ang iyong pamilya para makakuha ng tulong.



## Ang ating kultura ang ating karangalan at pinagmulan ng ating identidad ngunit walang dahilan para sa pang-aabuso.



Narito ang ilang mga bagay na sinasabi ng mga tao upang bigyang-dahilan o katwiran ang karahasan, na mas lalo pang nagpapanatili sa mga tao sa mga mapang-abusong sitwasyon:

- Binigyan mo ng kahihiyan ang ating pamilya.
- Sinira mo ang karangalan ng ating pamilya.
- Dapat sundin ng mga kabataan ang mga nakatatanda sa kanila.
- Masyado kang katulad ng isang taga-New Zealand. Dapat mong igalang ang mga lumang kaugalian.
- Ganito lang talaga ang paggawa natin ng mga bagay-bagay.
- Ito ay dapat gawin ng lahat ng mga kababaihan/kalalakihan/bata sa ating kultura.

Kapag may nangyayaring karahasan sa pamilya, nakakahanap ng mga paraan ang mga tao para bigyan ito ng dahilang pangkultura. Ngunit ang karahasan sa pamilya ay hindi tama sa alinmang komunidad o kultura.

# Ano ang magagawa mo?

**Nais nating maging ligtas at maligaya ang lahat ng mga pamilya.**



**Kung namumuhay ka nang may pang-aabuso, tandaan mo na:**

- Hindi mo kasalanan ito. Hindi mo kailangang mahiya o mapahiya.
- May mga opsyong makukuha para tulungan ka at ang iyong pamilya na maging ligtas.
- Maaari kang makipag-usap sa mga taong pinagkakatiwalaan mo, kabilang ang isang kaibigan, mga miyembro ng pamilya, kasamahan, guro, tagapag-alaga, tagapag-empleyo, manggagawang pangkalusugan o serbisyong tumutulong sa karahasan sa pamilya.
- Ang tulong ay libre at kumpidensyal. Maaari kang tumawag sa isang helpline o serbisyo nang hindi mo ibibigay ang iyong pangalan. Maaari mong hilingin na makipag-usap sa isang doktor o pulis na babae.
- Okey lang na humingi ng tulong.

Kung ikaw, o ang isang taong kilala mo, ay nasa panganib, **tumawag sa 111** para sa Pulisya, kahit na hindi mo tiyak kung ito ay isang emerhensya.

**Huwag hayaang alisin ng sinuman ang iyong dignidad at kalayaang magpahayag kung sino ka.**



## Kung ikaw ang marahas

Ang mapang-abusong pag-aasal ay nakakasakit sa iba, ngunit maaaring ito ay nakakasakit din sa iyo.

Ang pagiging marahas ay isang pagpapasya, at bawat isa ay maaaring matutong magpahayag at mamahala ng kanyang nadarama nang hindi nananakit sa iba.

Tandaan na hindi ikaw ang iyong pag-aasal, at posible ang pagbabago para sa sinumang nagnanais ihinto ang paggamit ng karahasan o pang-aabuso.

## Kung gusto mong tulungan ang isang tao

**Kung may kilala kang dumaranas ng karahasan sa pamilya o pang-aabuso, maaari mo siyang suportahan sa pagkuha ng tulong.**



### Maaari kang:

- Maniwala sa kanya at tumugon nang may pag-unawa.
- Igalang ang kanyang mga aksyon at suportahan ang kanyang pagdedesisyon.
- Sabihin sa kanya na hindi tama ang karahasan sa pamilya, ngunit okey lang ang paghingi ng tulong.
- Bantayan kung ang mga bata ay magpapakita ng mga palatandaan ng pang-aabuso.
- Pag-usapan ang mga makukuhang serbisyo at suportahan siya sa paghanap ng tulong.
- Sabihing naroon ka para sa patuloy na usapan at manatiling nakikipag-ugnayan.

Alamin ang mga makukuhang serbisyo sa **pahina 16**.

**Maaaring maging mas mabuti ang mga bagay-bagay.**


Kailangan ng suporta ng mga taong nabubuhay nang may karahasan upang makagawa ng mga desisyon sa sarili nilang oras, kapag sila ay handa na. Mahalagang sabayan mo ang hakbang niya. Maaaring tumagal nang mahabang panahon ang pagbabago. **Huwag susuko.**



**Ang iyong gagawin at sasabihin ay maaaring magkaroon ng positibong kalalabasan. Magkakasama, maaari tayong manatiling matatag at ligtas bilang isang komunidad.**

# Kung nais mo ng pagbabago sa inyong komunidad

**Kung nais nating ihinto ang karahasan sa pamilya at pang-aabuso, kailangan nating kumilos nang magkakasama bilang isang komunidad – kabilang ang pagtanggap na tama lang na pag-usapan ang tungkol dito.**



**Para sa pagbabago sa inyong komunidad, ikaw ay maaaring:**

- Magkaroon ng posisyong zero-tolerance (walang tatanggapin) sa karahasan sa pamilya at pang-aabuso.
- Magbigay ng edukasyon tungkol sa mga mabuting pakikipagrelasyon at pagbabago ng pag-aasal.
- Lumikha ng mga ligtas na lugar para sa mga nakaligtas (survivor).
- Magtaguyod ng pananagutan para sa mga mararahas at suportahan sila sa pagkuha ng tulong upang mabago ang kanilang pag-aasal.
- Suportahan at itaguyod ang lokal na mga organisasyon na humahadlang sa karahasan sa pamilya.
- Hamunin ang nakakapinsalang mga pamantayan ng kasarian at stereotype sa iyong mga interaksyon sa araw-araw.
- Suportahan ang mga lalaki upang manindigan laban sa karahasan sa pamilya at pang-aabuso.
- Isaalang-alang at tumugon sa mga pangsuportang pangangailangan ng ating mga grupong nasa laylayan o pinakamahihina, kabilang ang mga kababaihan, bata, kabataan, miyembro ng komunidad na rainbow, taong may kapansanan o matatanda, hindi nakapagsasalita ng Ingles, at ang mga nakatira sa rural at nakahiwalay na mga rehiyon.




Kailangan natin na mamuno ang mga lider ng komunidad at relihiyon mula sa lahat ng kultura.

Alam ng bawat komunidad kung ano ang gagana nang pinakamahusay para sa kanila.

Ang mga bayan, kapitbahayan, lugar ng trabaho, paaralan, relihiyon at mga sports club sa buong Aotearoa New Zealand ay kumikilos upang hadlangan ang karahasan sa pamilya at magtaguyod ng ligtas at malusog na mga pamilya.

# Mga contact at karagdagang impormasyon

## Kung kailangan mo ng suporta, payo o para makipag-usap sa isang tao, kontakin ang:

### Pulisya

- **Tumawag sa 111 sa isang emerhensya**
- **Libre ang mga tawag**

Kung hindi ka makapagsalita, hihilinging pindutin mo ang 55 kung kailangan mo ng pang-emerhensyang tulong.

### Shakti

- **0800 742 584**
- **0800 SHAKTI**
- **Libreng 24 na oras na tulong sa telepono para sa krisis**

Mga serbisyo para sa mga kababaihan, bata, kabataan, at mga pamilyang nagbuhat sa Asia, Africa at Middle East.

### Women's Refuge

- **0800 733 843**
- **0800 REFUGE**
- **Libreng 24 na oras na tulong sa telepono para sa krisis**

Impormasyon, payo at suporta tungkol sa karahasan sa tahanan pati na rin ang tulong sa oras ng krisis. Maaari kang iugnay sa isang lokal na women's refuge.

## Iba pang mga serbisyo kung saan makakahanap ka ng suporta at payo:

family violence
it's not ok

### Are You OK?

- **0800 456 450**
- **Libreng Impormasyon sa Telepono tungkol sa Karahasan sa Pamilya**
- **areyouok.org.nz**

Impormasyon tungkol sa mga hindi ligtas na relasyon, makukuhang suporta para sa iyo at paano mo masusuportahan ang iba. Mag-search sa online para sa mga serbisyong sumusuporta sa kabataan, sa komunidad na rainbow, taong may kapansanan at matatanda.

**In Your Hands**
Change Starts Here.
For you and your whānau.

### In Your Hands

- **inyourhands.org.nz**
- **Libreng 24 na oras na helpline at online chat**

Impormasyon at suporta para sa mga taong gumagamit ng karahasan na nais magbago ng kanilang pag-aasal.

### Bright Sky app

Mag-scan ng QR Code para i-download ang Bright Sky app.





Print ISBN: 978-1-99-110530-1
Digital ISBN: 978-1-99-110531-8

Ang buklet na ito ay unang binuo ng Shakti at ng Ministry of Social Development (MSD) (Ministri ng Panlipunang Pag-unlad) upang tingnan ang mga partikular na isyu na kinakaharap ng mga etnikong komunidad sa Aotearoa New Zealand. Ang Shakti ay isang serbisyo para sa karahasan sa pamilya na nakikipagtulungan sa mga komunidad na Asian, African, at Middle Eastern sa buong Aotearoa New Zealand. Itinatag noong 1995, ang Shakti ay nagbibigay ng nababagay sa kulturang mga serbisyo para sa karahasan sa tahanan at nagtataguyod sa mga karapatan ng mga etnikong kababaihan at bata.

Ang buklet na ito ay in-update ng MSD, Shakti, at mga miyembro ng network ng Etnikong Komunidad ng Te Puna Aonui, na kinabibilangan ng isang hanay ng mga organisasyong sumusuporta sa mga etnikong komunidad sa Aotearoa.

6882 AUG 2024 Tagalog